



March 23- 27, 2020

Pang-angkop

Ang Pang-angkop ay katagang nag-uugnay sa dalawang magkasunod na salita para dumulas ang pagsasalita at gumanda ang tunog.

1. NG ay ginagamit kung ang nauunang salita sa ay nagtatapos sa patinig.
Halimbawa: Paboritong pagkain, kapuri-puring nilalang, salbaheng bata.
2. NA ay ginagamit kung ang nauunang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa n.
Halimbawa: sikat na mang-aawit, buhok na unat, ilog na mahaba.
3. G ay ginagamit kung ang nauunang salita ay nagtatapos sa katinig na n.
Halimbawa: salaming basag, mamahaling bag, hanging sariwa.

Pagsasanay A

Panuto: Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang mga sumusunod. Salungguhitan ang dalawang salitang pinag-ugnay ng pang-angkop .

- | | |
|-----------------------|--------------------------|
| 1. maskuladong binata | 6. pangunahing tauhan |
| 2. madulas na kalsada | 7. bestidang lila |
| 3. kaibigang maasahan | 8. masaganang ani |
| 4. litsong baka | 9. pangarap na natupad |
| 5. gabing tahimik | 10. sinumpaang tungkulin |

Pagsasanay B

Panuto: Punan ang patlang ng pang-angkop na bubuo sa bawat pangungusap.

1. Pinuri ng pasahero ang maingat _____ tsuper.
2. Tuluyan na pa lang nabuwal ang puno _____ akasya.
3. Nagluluto pala ang nanay ng tinola _____ manok.
4. Takot ang mga bata maglaro sa luma _____ bahay.
5. Mabilis na bumangon ang bata _____ nadapa.
6. Itapon mo na ang baso _____ nabasag.
7. May pambihira _____ kakayahan ang mga atletang Pilipino.
8. Mahigpit _____ niyakap ng ina ang nawalay na anak.
9. Napakaraming naggagandahan _____ tanawin sa ating bansa.
10. Nawala ang mamahalin _____ relo ni George.

Pagsasanay C

Panuto: kahunan ang pang-angkop na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Ang batang may sakit ay ginamot sa ospital.
2. Nagpabili ang nanay ng relyenong bangus.
3. Laging maagang umaalis ang kapitbahay naming karpintero.
4. Ang sinumpaang tungkulin ng mga naihalal ay hindi nagampanan ng maayos.
5. Kay gandang pagmasdan ng berdeng kapaligiran.
6. Pangunahing layunin niya ay tumulong sa mahihirap.
7. Dapat pagyamanin natin ang mga kulturang Pilipino.
8. Kapuri-puri ang gawaing matuwid.
9. Ang malinis na pamayanan ay may malulusog na mamamayan.
10. Ang kayamanang minana ng magkapatid ay ibinigay sa bahay-ampunan.